

Ang Moorebank Intermodal Precinct (MIP) ay isa sa pinaka-mahalagang mga presinto na pang-industrya at intermodal sa Australya. Ang kalaki at kakayahan ng presinto ay isang nauuna sa Australya at magpapabago sa supply chain (ugnayan ng panustos) ng bansa, nag-aalis ng daang-libong mga trak mula sa mga daan at pati ang pagtitipid sa mga gastusin sa mga negosyo at mga bumibili sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas mahusay at naipagpapatuloy na pagpoproseso at paghahatid ng mga kargamento at kalakal.

## Nanalo ang MIP ng Project of the Year award





Kami ay nakikilig na ibalita na iginawad ng NSW Premier Chris Minns sa Moorebank Intermodal Precinct ang Project of the Year award na ginanap sa Western Sydney Leadership Dialogue Boomtown! Awards.

Nakatanggap din ang MIP ng Outstanding Freight & Commercial Precinct, at ang Woolworths Moorebank National Distribution Centre ay nag-uwi ng Outstanding Logistics Project.

Itong pagkilala ay isang testamento ng epekto sa ginawang pagbabago ng MIP sa larangan ng freight logistics ng Australya. Kinilala ang MIP bilang isang proyekto na naghuhubog sa hinaharap ng mga likas-kaya na lohistiko, lumilikha ng libu-libong mga trabaho sa Western Sydney, nagpapahusay sa kakayahan ng supply chain ng Australya at dagdag-ganda ng mga bagong pamantayan sa industrya.

# Bagong EV truck Charge and Change Station na solar-powered

Ngayong buwan, naging panauhin namin ang NSW Minister for Transport, na si Jo Haylen, sa paglulunsad ng Janus Electric's latest Charge and Change Station para sa mga de-bateryang mga trak (electric heavy vehicle) sa Moorebank Intermodal Precinct.

Itong mga nagpapasimunong battery-swapping station, na pinapagana ng rooftop solar (mga pangsagap ng init ng araw sa bubong), ay tanda ng isang mahalagang hakbang sa pagbabago sa sektor ng heavy vehicle transport. Ang mabilisang pagpapalit (quick swap) ay nagagawa sa ilang minuto lamang, mga kapareho lamang ng oras sa pagpapagasolina. Ito ang kauna-unahang pasilidad sa kanyang uri na itinayo sa isang intermodal terminal sa Australya kung saan ang kargamento ay inililipat sa pagitan ng daan at riles.

Itong makahulugang nagaganap (milestone) ay naglalarawan ng ating mas malawak na pangako sa pagpapababawas ng mga pagbugso ng greenhouse gas at magkakaroon ng isang bagong pamantayan sa napapanatiling transportasyon ng mga kargamento.









## Ang seremonya sa pagtatanim ng mga kahoy ay naglunsad ng inisyatiba sa muling pagtatanim (revegetation)

Noong Nobyembre, nagdaos ang Moorebank Intermodal Precinct ng isang tree-planting ceremony sa dating lugar ng "Dustbowl", ang dating military training ground na malapit sa Georges River. Itong lugar ay napaganda na at matatamnan upang maging isang aktibong biodiversity zone.

Itong inisyatiba ay bahagi ng ating mas malawak na pangako na magtatanim at magprotekta ng may 100 ektarya ng kagubatan—tatlong beses na mas malawak kaysa ang Botanical Gardens ng Sydney—magbibigay ng katiyakan para sa isang lumalagong lugar ng mga katutubong hayop at ang pagsusuporta sa isang matatag na ecosystem para sa darating na mga henerasyon.




## Update: Ang muling pagkakahanay (realignment) ng Moorebank Avenue

Mula sa Enero 2025, ang pangunahing mga gawaing konstruksyon ay magsisimula para sa nakaplanong muling paggawa at pagpapaganda ng Moorebank Avenue upang mas mahusay ang pamamahala sa trapiko sa naturang lugar at mapapahusay ang kaligtasan sa daan.

Naka-eskedyul na magsisimula ang mga trabaho mula sa kalagitnaan ng Enero 2025 at magpapatuloy ito nang mga 18 buwan. Ang konstruksyon ay magreresulta ng isang apat na lane, tatlong kilometrong paghahanay ng daan na magdurugtong ng hilaga at katimugang bahagi ng Presinto.

Ang mga gawaing pang-konstruksyon para sa proyekto ay karamihang gagawin sa mga di-kasalukuyang ginagamit na linya, na may mga maikling panahon ng mga pagbabago ng trapiko sa daan sa may Moorebank Avenue. Maliban kung may naiibang pagpapayo, karamihang mga gawain ay mangyayari sa loob ng aprobadong pamantayang mga oras ng konstruksyon na sa Lunes hanggang Biyernes ay ika-7 ng umaga hanggang ika- 6 ng hapon at sa Sabado ay ika-8 ng umaga hanggang ika-1 ng hapon.

Patuloy na magbibigay ng mga regular na email update tungkol sa mga pagbabago at epekto ng trapiko sa mga gumagamit ng Moorebank Intermodal Precinct sa buong panahon ng mga paggawa. Lahat ng mga pagtatanong o paghingi ng impormasyon ay dapat itawag sa 1800 986 465 (24/7 hotline) o sa moorebank@tsamgt.com.

Moorebank Intermodal Precinct

## Mga Oras ng Operasyon at Konstruksyon

Ang aprobadong mga oras ng pagpapaandar sa Intermodal Facility (pati ang Import Export Terminal, Rail Link at Warehousing) ay 24 oras, 7 araw kada linggo.

**Mga trabaho sa labas sa oras ng opisina (Out-of-Hours)**

Ang aming mga patrabaho ay kadalasang ginagawa sa loob ng mga karaniwang oras ng konstruksyon, ngunit maaaring may mga ilang aktibidad na nangangailangan ng pagtatrabaho sa labas ng mga oras ng opisina (out-of-hours) upang mapaliit ang epekto sa komunidad, ang mga gumagamit sa daan at lokal na negosyo.

Itong mga patrabaho ay ipapahayag nang maaga sa www.moorebank.au at sa paglalagay ng mga pulyetos sa mga letterbox para sa mga residente at negosyong maaapektuhan.

**Ang aprobadong batayan sa mga oras ng pagtatrabaho sa konstruksyon ay:**

**Moorebank Precinct West**
Lunes hanggang Biyernes:
ika-7 ng umaga hanggang ika-6 ng gabi
Sabado:
ika-8 ng umaga hanggang ika-1 ng hapon

**Moorebank Precinct East**
Lunes hanggang Biyernes:
ika-7 ng umaga hanggang ika-6 ng gabi
Sabado:
ika-7ng umaga hanggang ika-1 ng hapon

## Pakikipag-ugnayan

Upang makipag-ugnayan tungkol sa anumang mga bagay sa itaas, humingi ng impormasyon o gumawa ng reklamo:

Level 15, 207 Kent Street,
Sydney, NSW, 2000

1800 986 465 (24/7)

moorebank@tsamgt.com

